

ENVIAMOS VOLUNTÁRIOS PARA DIVERSAS ATIVIDADES!

Na Associação de Intercâmbio Internacional da Província de Kagawa decidiu criar-se um sistema de envio de voluntários interpretes e outros tipos de voluntários para ajudar aqueles estrangeiros que vivem aqui nesta província e que apresentam dificuldade com a língua japonesa, e para promover entre os habitantes da província uma melhor compreensão internacional.

Esperamos que todos aqueles que tenham alguma relação com os estrangeiros que vivem aqui nesta província utilizem positivamente este sistema, como os órgãos responsáveis pelo ensinamento nas escolas, os centros de assistência médica, os órgãos de saúde e bem estar social.




1. Quais os tipos de voluntariados?

Tipo	Atividade
①Voluntário para a tradução da língua japonesa	Suporte voluntário aos estrangeiros que vivem aqui nesta província mas que apresentam dificuldade na conversação e interpretação da língua japonesa ao se utilizarem dos serviços dos órgãos de assistência médica, dos órgãos de saúde e bem estar social, etc.
②Voluntário para o ensinamento do idioma japonês	Suporte voluntário voltado aos estrangeiros que vivem nesta província e apresentam dificuldades com a língua japonesa, ensinando-lhes o japonês básico necessário para o dia-a-dia.
③Voluntário para o entendimento da cultura japonesa	Suporte voluntário voltado aos estrangeiros que vivem nesta província e apresentam interesse em se aprofundar no entendimento mútuo através da culinária, cerimônia do chá, danças típicas, esportes, etc.
④Voluntário para o entendimento Internacional	Realização da difusão da educação do entendimento internacional e da convivência com os estrangeiros através de apresentações de pessoas estrangeiras ou que participaram de experiências de ajuda internacional ou fizeram estudos no estrangeiro ou através do ensino da língua, etc., nas instituições de ensino escolar.

2. Etapas para o envio de voluntários

(no caso de um voluntário para a tradução da língua japonesa)



3. Requisitos específicos para o envio

- (1) Não requisite os voluntários para exercer atividades que não sejam adequadas, como nos casos em que sejam requeridos um alto nível de conhecimento técnico específico; ou em casos perigosos, ou que tenham um alto risco de contágio, ou cujo principal objetivo da atividade seja o de fins lucrativos, ou que não se adequem as atividades do voluntariado.
- (2) Se o conteúdo da atividade do voluntário solicitado não se ajustar aos especificados em (1), o pedido de envio será recusado.
- (3) A responsabilidade médica, juridical, etc., sobre a conduta das atividades do voluntário correrão por conta daquele que fez o pedido do envio.
- (4) Os honorários e custos de transportes serão pagos por quem fez o pedido dos serviços do voluntário.
- (5) O honorário será de ¥1000 a hora. E o custo de transporte será o valor real. (Caso use carro particular será calculado a ¥200 para cada 10 km percorridos).

4. Para realizar o pedido de envio de voluntário

Será necessário apresentar o pedido até um mês antes da data em que será requisitado o trabalho voluntário (1. Até três dias antes no caso de voluntários interpretes do item ①).

Para esta solicitação, complete os dados na folha anexada "Solicitação de envio de voluntário", especificando o conteúdo da atividade para o voluntário requerido e a envie por E-mail, Fax ou pelo correio à **Associação de Intercâmbio Internacional da Província de Kagawa (tel 087-837-5908)**. O formulário de solicitação pode ser baixado através do site da Associação (<http://www.i-pal.or.jp>)

Endereço: 〒760-0017 Takamatsushi 1-11-63 I-PAL Kagawa
Associação de Intercâmbio Internacional da Província de Kagawa

a/c 「Setor Responsável pelo Envio de Voluntários」

E-mail: toroku@i-pal.or.jp FAX: 087-837-5903

<Estamos recrutando pessoas que possam atuar como voluntários em várias áreas como traduções, etc. >

- Para participar das atividades voluntárias é necessário registrar-se com antecedência. (Para o registro, é necessário que participe de um curso de treinamento. Este treinamento está previsto para realizar-se uma vez ao ano, previsto para o mês de junho).
- Preencha o formulário de registro (adquira-o em I-PAL Kagawa ou baixe-o através do site da home page (<http://www.i-pal.or.jp>) e envie-o ao endereço acima citado).

Halina at Magpatala sa Pagiging *Interpreter* At Iba Pang *Volunteer*


Ang *Kagawa International Exchange Association* (I-PAL) ay nagbuo ng sistema ng pagtatalaga ng mga *volunteer* tulad halimbawa ng tagapagsalin (*interpreter*) upang suportahan ang mga dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon, at gayundin upang mapaunlad ang kaalaman tungkol sa ibang bansa ng mga residenteng Hapon sa Kagawa. Nangangalap kami ng mga *volunteer*, halina kayo at magpatala!



1. Ano ang Pwedeng Gawin ng Isang *Volunteer*?

Uri	Mga Gawain
1. Tagapagsalin (<i>Interpreter</i>)	Suportahan ang dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon kung sakaling pupunta sila sa mga pasilidad tulad ng ospital o institusyon na pangkalusugan at pangkawanggawa upang magsilbing tagapagsalin nito.
2. Tagapagturo ng Wikang Hapon (<i>Japanese Instructor</i>)	Suportahan ang dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga salita na kailangan sa araw-araw na pamumuhay.
3. Tagapagturo ng Kulturang Hapon (<i>Japanese Cultural Instructor</i>)	Suportahan ang dayuhang residente sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga kaugalian at kulturang Hapon tulad ng pagluluto, <i>tea ceremony</i> , tradisyunal na sayaw, <i>sports</i> at iba pa.
4. International Speaker	Bilang isang dayuhang residente o mga Hapon na may karanasang mag-aral o tumigil sa ibang bansa, pinapaunlad ng <i>international speaker</i> ang kaalaman ng mga Hapon tungkol sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol dito sa mga lugar tulad ng paaralan at iba pa.

2. Sistema ng Pagtatalaga ng *Volunteer* (Sa Kaso ng Tagapagsalin)



3. Detalye ng Kundisyon Hinggil sa Gawaing *Volunteer*

1. Ang *volunteer* ay hindi dapat gumawa ng serbisyong nangangailangan ng kaalaman ng isang dalubhasa, o kaya ay makapagdudulot ng kapahamakan o sakit, mga gawaing pang-negosyo, at iba pang gawaing di karapat-dapat para sa isang *volunteer*.
2. Ang kompensasyon at pamasaha ay babayaran ng tao o organisasyon tulad ng pasilidad na pang-medikal at iba pa, na humiling ng serbisyo ng *volunteer*.
3. Ang kompensasyon ng *volunteer* ay 1,000 yen kada-oras, at ang bayad sa pamasaha ay ang hustong halaga na nagastos para rito. (Kung sakaling ginamit ng *volunteer* ang sariling sasakyan, ang bayad sa pamasaha ay nagkakahalaga ng 200 yen sa bawat 10 kilometro na tinakbo nito.)
4. Kung sakaling maaksidente ang isang *volunteer* sa oras ng pagsasagawa ng iniatas na serbsiyo, siya ay pananagutan ng sistema ng *insurance* ng *I-PAL Kagawa*.
5. Iniaatas sa tao o organisasyon na humiling ng serbisyo ng isang *volunteer* ang responsibilidad hinggil sa pagbabayad sa ospital o anumang kinakailangang multa ayon sa batas kung sakali mang mangyari ito habang isinasagawa ang serbisyo ng itinalagang *volunteer*.
6. Sa panahon ng likas na kapahamakan, sakuna o iba pang emerhensiya sa prepektura, ang mga nakatalang impormasyon ay maaaring ibahagi sa awtoridad ng prepektura, syudad at bayan, na deretsang hihiling ng inyong serbisyo bilang tagapagsalin kung sakaling may napahamak na dayuhang residente o sa iba pang sitwasyong katulad nito.

4. Paano Sumali sa Gawaing *Volunteer*?

Para makasali sa gawaing *volunteer*, **kinakailangan munang magpatala** para rito. (Sa pagpapatala, kinakailangang kumuha ng pagsasanay na ipapaliwanag sa inyo sa susunod na mga araw.) Para makapagpatala, sulatan ng mga hinihiling na impormasyon ang “*Application Form* Para sa Pagpapatala na Maging *Interpreter* o Iba Pang *Volunteer*”, at ipadala sa pamamagitan ng *e-mail*, *fax*, or *mail* sa **Kagawa Prefecture International Exchange Association (087-837-5908)**.

Kagawa Prefecture International Exchange Association “Volunteer Dispatch Project”

ADDRESS: 〒760-0017 Takamatsu City, Bancho, 1 Chome, 11-63 IPAL Kagawa

E-Mail: toroku@i-pal.or.jp

FAX: 087-837-5903

**APPLICATION FORM PARA SA PAGPAPATALA NA MAGING INTERPRETER
O IBA PANG VOLUNTEER (Estado ng Pagpapatala Bago Pagpapatuloy)**

Petsa: _____

Para sa Director ng Kagawa Prefecture International Exchange Association (I-PAL)

•Bago mag-apply para sa pagpapatala, sumasang-ayon ka ba sa mga sumusunod na kundisyon? oo hindi

1. Kinakailangang sumailalim ang nakatalang *volunteer* sa pagsasanay na ipapatupad ng I-PAL. Gayundin, ang mga nakatalang impormasyon (maliban sa pangalan, kasarian, edad, tirahan, numero ng telepono, at mga dating nakatalang impormasyon) ay magiging kaalamang pampubliko para sa ordinaryong paggamit nito.
2. Tutuparin ng *volunteer* ang gawain sa abot ng makakaya kung sakaling hilingin ng I-PAL ang serbisyo nito.
3. Kung itatalaga, kailangang sundin ng *volunteer* ang alituntuning napag-alaman bago italaga, at lubos niyang protektahan ang hindi pagkalat ng mga impormasyong nakalap sa pagsasagawa ng serbisyo. Gayundin, ang *volunteer* ay hindi dapat gumawa ng serbisyong nangangailangan ng kaalaman ng isang dalubhasa, o kaya ay makapagdudulot ng kapahamakan o sakit, mga gawaing pang-negosyo, at iba pang gawaing di karapat-dapat para sa isang *volunteer*.
4. Ang kompensasyon at pamasaha ng *volunteer* ay babayaran ng tao o organisasyon na humiling ng serbisyo nito.
5. Sa panahon ng likas na kapahamakan, sakuna o iba pang emerhensiya sa prepektura, ang mga nakatalang impormasyon ay maaaring ibahagi sa awtoridad ng prepektura, syudad at bayan, na deretsang hihiling ng inyong serbisyo bilang tagapagsalin kung sakaling may napahamak na dayuhang residente o sa iba pang sitwasyong katulad nito.

Katakana			Nacionalidad	Kasarian	Edad			
Buong Pangalan	(Apelyido)	(Pangalan)		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	taon			
Address	〒			Pinakamalapit na Istasyon				
Contact (Kailangan ang numero ng telepono)	Telepono : (bahay)		(cell)					
	FAX : ()							
	E-mail : (computer)							
	E-mail : (cell)							
Nais na Araw at Oras	Lunes	Martes	Miyerkoles	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo/ Holiday	
	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	<input type="checkbox"/> umaga <input type="checkbox"/> hapon <input type="checkbox"/> gabi	
	(Iba pang kundisyon na hindi nakasaad sa itaas)					Trabaho		
						<input type="checkbox"/> Full-time <input type="checkbox"/> Part-time <input type="checkbox"/> Wala <input type="checkbox"/> Estudyante		
Gawain ng Volunteer (Pwedeng lagyan ng check ang kahit ilan)	<input type="checkbox"/> Tagapagsalin Linguwahe : () • () • () (→ Sulatan din ang Form 1- ①) <input type="checkbox"/> Tagapagturo ng Wikang Hapon (→ Sulatan din ang Form 1- ②) <input type="checkbox"/> Tagapagturo ng Kulturang Hapon (→ Sulatan din ang Form 1- ③) <input type="checkbox"/> International Speaker (→ Sulatan din ang Form 1- ③)							
* Para Lang sa Gamit ng I-PAL								

Petsa: _____

**MGA KATANUNGAN HINGGIL SA APLIKASYON NG PAGPAPATALA
PARA MAGING VOLUNTEER NA TAGAPAGSALIN**

- * Ayon sa kasagutan sa mga tanong dito, at pagkatapos maabot ang mga kundisyon at kinakailangan para sa pagiging *volunteer*, hihilingin ang pagtatalaga na may prioridad sa mga regular na nakatalang *volunteer*.
- * Kung sakaling may pagbabago sa mga sumusunod na impormasyon, ipagbigay-alam kaagad ito sa I-PAL.

Katakana		Nacionalidad	Kasarian	Edad
Buong Pangalan	(Apelyido) _____ (Pangalan) _____		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	taon
1. Linguwahe ng Tagapagsalin	1. Linguwahe _____ (Ito ba ay sariling wika? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi) (Kwalipikasyon at sertipikasyon hinggil sa linguwahe at iba pa) * Para sa nagsasalita ng Ingles, isulat ang iskor sa TOEIC o iba pang pagsusulit tungkol dito (kung meron) * Kung ang sariling wika ay hindi Hapon, isulat ang kwalipikasyon sa wikang Hapon. (Bilang ng taon na namalagi sa ibang bansa, karanasan bilang tagapagsalin at iba pa)			
	2. Linguwahe _____ (Ito ba ay sariling wika? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi) (Kwalipikasyon at sertipikasyon hinggil sa linguwahe at iba pa) * Para sa nagsasalita ng Ingles, isulat ang iskor sa TOEIC o iba pang pagsusulit tungkol dito (kung meron). * Kung ang sariling wika ay hindi Hapon, isulat ang kwalipikasyon sa wikang Hapon. (Bilang ng taon na namalagi sa ibang bansa, karanasan bilang tagapagsalin at iba pa)			
2. Personal na Karanasan	(Medikal, Pinag-aralan, Pagtuturo, Pangkawanggawa, at Iba Pang mga Karanasan o Pagsasanay)			
3. Iba Pang Tanong	Pwede ka bang maging tagapagsalin sa mga pasilidad na pang-medikal (ospital at iba pa) <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pwede ka bang maging tagapagsalin sa oras ng kapahamakan o emerhensiya (halimbawa: pagbibigay ng impormasyon sa mga biktima nito at iba pa)? Pwede ka bang magsalin ng mga materyal na gamit sa paaralan (halimbawa: mga komunikasyon ng eskwelahan/kindergarten)? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi			
* Para Lang sa Gamit ng I-PAL				

Petsa: _____

**MGA KATANUNGAN HINGGIL SA APLIKASYON NG PAGPAPATALA
PARA MAGING VOLUNTEER NA TAGAPAGTURO NG WIKANG HAPON**

- * Ayon sa kasagutan sa mga tanong dito, at pagkatapos maabot ang mga kundisyon at kinakailangan para sa pagiging *volunteer*, hihilingin ang pagtatalaga na may prioridad sa mga regular na nakatalang *volunteer*.
- * Kung sakaling may pagbabago sa mga sumusunod na impormasyon, ipagbigay-alam kaagad ito sa I-PAL.

Katakana		Nationalidad	Kasarian	Edad
Buong Pangalan	(Apelyido) _____ (Pangalan) _____		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	taon _____
1. Karanasan sa Pag-aaral ng Hapon	Saan ka nag-aral ng wikang Hapon? (Bilugan ang mga angkop na kasagutan) 1. <i>Volunteer</i> na Kurso ng Wikang Hapon sa I-PAL 4. Unibersidad 2. <i>Volunteer</i> na Kurso ng Wikang Hapon (Pribado) 5. Mga Kurso ng Pagsasanay ng Gobyerno 3. <i>Correspondence</i> na Kurso 6. Iba pa (_____)			
2. Karanasan sa Pagtuturo ng Hapon	May karanasan ka ba sa pagtuturo ng Hapon? (kasama ang pribadong karansan) <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi			
	Kung "Oo", ipaliwanag ito.			
	Saan (lugar • pangalan ng organisasyon • bansa, at iba pa)	Tinuruan • Bilang ng Estudyante	Tagal (<i>Period</i>)	
Isulat ang mga ginamit na materyales sa pagtuturo.				
• _____ • • _____ • • _____ •				
3. Tanong Hinggil sa Pagtatalaga	Pwede ka bang maging <i>volunteer</i> kahit pamasaha lang ang matatanggap na kabayaran? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi			
4. Abilidad sa Wikang Banyaga	* Nag- <i>apply</i> ka rin ba (o gustong mag-a- <i>apply</i>) bilang <i>Volunteer</i> na Tagapagsalin? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi			
	Linguwahe _____ (Aplikasyon sa Tagapagsalin <input type="checkbox"/> Nag- <i>apply</i> na <input type="checkbox"/> Di na lang) (Kwalipikasyon at sertipikasyon hinggil sa linguwahe at iba pa)			
	* Para sa nagsasalita ng Ingles, isulat ang iskor sa TOEIC o iba pang pagsusulit tungkol dito (kung meron) * Kung ang sariling wika ay hindi Hapon, isulat ang kwalipikasyon sa wikang Hapon. (Bilang ng taon na namalagi sa ibang bansa, karanasan bilang tagapagsalin at iba pa)			
* Para Lang sa Gamit ng I-PAL				

Petsa: _____

**MGA KATANUNGAN HINGGIL SA APLIKASYON NG PAGPAPATALA
PARA MAGING VOLUNTEER NA
TAGAPAGTURO NG KULTURANG HAPON/INTERNATIONAL SPEAKER**

* Ayon sa kasagutan sa mga tanong dito, at pagkatapos maabot ang mga kundisyon at kinakailangan para sa pagiging *volunteer*, hihilingin ang pagtatalaga na may prioridad sa mga regular na nakatalang *volunteer*.

* Kung sakaling may pagbabago sa mga sumusunod na impormasyon, ipagbigay-alam kaagad ito sa I-PAL.

Katakana			Nacionalidad	Kasarian	Edad
Buong Pangalan	(Apelyido)	(Pangalan)		<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	taon
1. Para sa Nais Magpatala Bilang Tagapagturo ng Kulturang Hapon	Nais Ituro				
	Mga Nilalaman	* Isulat ang maaring talakayin at ang <i>outline</i> o <i>summary</i> nito?			
2. Para sa Nais Magpatala Bilang <i>International Speaker</i>	Nais Talakayin				
	<i>Target na Bansa</i>				
	Mga Nilalaman	* Isulat ang maaring talakayin at ang <i>outline</i> o <i>summary</i> nito?			
	Kwalipikasyon, karanasan sa pagtuturo at iba pa	* Isulat ang detalye nito.			
3. Abilidad sa Wikang Banyaga * Linguwahe Maliban sa Hapon	* Nag- <i>apply</i> ka rin ba (o gustong mag-a- <i>apply</i>) bilang <i>Volunteer</i> na Tagapagsalin? (<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi)				
	Linguwahe _____ (Ito ba ay sariling wika? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi) (Kwalipikasyon at sertipikasyon hinggil sa linguwahe at iba pa)				
	* Para sa nagsasalita ng Ingles, isulat ang iskor sa TOEIC o iba pang pagsusulit tungkol dito (kung meron) * Kung ang sariling wika ay hindi Hapon, isulat ang kwalipikasyon sa wikang Hapon. (Bilang ng taon na namalagi sa ibang bansa, karanasan bilang tagapagsalin at iba pa)				
* Para Lang sa Gamit ng <i>I-PAL</i>					

Nagtatalaga Kami Ng Mga *Interpreter* At Iba Pang *Volunteer*


Ang *Kagawa International Exchange Association (I-PAL)* ay nagbuo ng sistema ng pagtatalaga ng mga *volunteer* tulad halimbawa ng tagapagsalin (*interpreter*) upang suportahan ang mga dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon, at gayundin upang mapaunlad ang kaalaman tungkol sa ibang bansa ng mga residenteng Hapon sa Kagawa. Hangad namin na lubusang magamit ng mga dayuhang residente sa prepektura ang lahat ng pasilidad dito tulad ng mga organisasyong pang-internasyonal, paaralan, ospital, mga institusyong pangkalusugan at pangkawanggawa, at iba pang institusyon at organisasyon na may kaugnayan sa kanila.



1. Ano ang Pwedeng Gawin ng Isang *Volunteer*?

Uri	Mga Gawain
1. Tagapagsalin (<i>Interpreter</i>)	Suportahan ang dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon kung sakaling pupunta sila sa mga pasilidad tulad ng ospital o institusyon na pangkalusugan at pangkawanggawa upang magsilbing tagapagsalin nito.
2. Tagapagturo ng Wikang Hapon (<i>Japanese Instructor</i>)	Suportahan ang dayuhang residente na may limitadong kakayanan sa wikang Hapon sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga salita na kailangan sa araw-araw na pamumuhay.
3. Tagapagturo ng Kulturang Hapon (<i>Japanese Cultural Instructor</i>)	Suportahan ang dayuhang residente sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga kaugalian at kulturang Hapon tulad ng pagluluto, <i>tea ceremony</i> , tradisyunal na sayaw, <i>sports</i> at iba pa.
4. International Speaker	Bilang isang dayuhang residente o mga Hapon na may karanasang mag-aral o tumigil sa ibang bansa, pinapaunlad ng <i>international speaker</i> ang kaalaman ng mga Hapon tungkol sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol dito sa mga lugar tulad ng paaralan at iba pa.

2. Sistema ng Pagtatalaga ng *Volunteer*: (Sa Kaso ng Tagapagsalin)



3. Mga Kundisyon Hinggil sa Pagtatalaga ng *Volunteer*:

1. Hindi dapat ipagawa sa itinalagang *volunteer* ang mga gawaing nangangailangan ng kaalaman ng isang dalubhasa, o kaya ay makapagdudulot ng kapahamakan o sakit, mga gawaing pang-negosyo, at iba pang gawain na di karapat-dapat gawin ng isang *volunteer*.
2. Kung ang nais ipagawa sa isang *volunteer* ay napag-alamang di karapat-dapat, hindi papahintulutan ang pagtatalaga ng isang *volunteer*.
3. Iniaatas sa tao o organisasyon na humiling ng serbisyo ng isang *volunteer* ang responsibilidad hinggil sa pagbabayad sa ospital o anumang kinakailangang multa ayon sa batas kung sakali mang mangyari ito habang ginagawa ang serbisyo ng itinalagang *volunteer*.
4. Responsibilidad din ng tao o organisasyon na humiling ng serbisyo ng *volunteer* ang pagbabayad ng kompensasyon at pamasaha ng itinalagang *volunteer*.
5. Ang kompensasyon ng *volunteer* ay 1,000 yen kada-oras, at ang bayad sa pamasaha ay ang hustong halaga na nagastos para rito. (Kung sakaling ginamit ng *volunteer* ang sariling sasakyan, ang bayad sa pamasaha ay nagkakahalaga ng 200 yen sa bawat 10 kilometro na tinakbo nito.)

4. Paano Mag-Apply Para sa Serbisyo ng *Volunteer*?

Kinakailangang mag-*apply* para sa pagtatalaga ng *volunteer* isang buwan bago ang araw na kinakailangan ang serbisyo nito (3 araw naman sa kaso ng *interpreter*).

Sa pag-a-*apply*, ipaliwanag ng mabuti at isulat ang mga nais ipagawa sa *volunteer* sa “*Volunteer Dispatch Form*”, at ipadala sa pamamagitan ng *e-mail*, *fax*, or *mail* sa **Kagawa Prefecture International Exchange Association (087-837-5908)**. Pwede ring *i-download* ang *form* na ito mula sa *website* ng I-PAL (<http://www.i-pal.or.jp>).

Kagawa Prefecture International Exchange Association “Volunteer Dispatch Project”

ADDRESS: 〒760-0017 Takamatsu City, Bancho, 1 Chome, 11-63 IPAL Kagawa

E-MAIL: toroku@i-pal.or.jp FAX: 087-837-5903

<Nangangalap Din Kami ng mga *Interpreter* at Iba Pang *Volunteer*>

- Para makasali sa mga gawain ng *volunteer*, kinakailangan munang magparehistro. (Para mairehistro, kinakailangan munang tapusin ang kurso ng pagsasanay. Ang mga kursong ito ay ipapaliwanag sa mga susunod na araw at ginagawa isang beses isang taon sa Hunyo.
- Pagkatapos sagutan ang aplikasyon para sa pagpaparehistro (makukuha sa I-PAL Kagawa o sa *website* nito: www.i-pal.or.jp), ipadala ito sa *address* na nakasulat sa taas.

REQUEST FORM PARA SA PAGTATALAGA NG INTERPRETER O IBA PANG VOLUNTEER

(FORM 4)

Petsa: _____

Para sa *Director ng Kagawa Prefecture International Exchange Association*

●Bago kayo humiling ng serbisyo ng *volunteer*, sang-ayon ba kayo sa mga sumusunod na kundisyon? Oo Hindi

- Hindi dapat ipagawa sa itinalagang *volunteer* ang mga gawaing nangangailangan ng kaalaman ng isang dalubhasa, o kaya ay makapagdudulot ng kapahamakan o sakit, mga gawaing pang-negosyo, at iba pang gawain na di karapat-dapat gawin ng isang *volunteer*.
- Iniaatas sa tao na humiling ng serbisyo ng isang *volunteer* ang responsibilidad hinggil sa pagbabayad sa ospital o anumang kinakailangang multa na ayon sa batas kung sakali mang mangyari ito habang ginagawa ang serbisyo ng itinalagang *volunteer*.
- Responsibilidad ng tao na humiling ng serbisyo ng *volunteer* ang pagbabayad ng kompensasyon at pamasaha ng itinalagang *volunteer*.

Pangalan ng Organisasyon (o Indibidwal)	*Kung sakali na ang humihiling ng serbisyo ay isang indibidwal, isulat lamang dito ang buong pangalan.
Pangalan ng Representative ng Organisasyon	*Kung sakali na ang humuhiling ng serbisyo ay isang indibidwal, hindi na ito kailangan pang sulatan. (Titulo sa Trabaho) (Buong Pangalan)
Pangalan ng Supervisor	* Kung sakali na ang humuhiling ng serbisyo ay isang indibidwal, hindi na ito kailangan pang sulatan.
Contact Information	(Telepono) (Fax) (E-mail)
Uri at Bilang ng Hinihiling na Volunteer	<input type="checkbox"/> <i>Volunteer Interpreter</i> (Linguwahe : _____) (Bilang ng <i>volunteer</i> _____) <input type="checkbox"/> Tagapagturo ng Wikang Hapon (Bilang ng <i>volunteer</i> _____) <input type="checkbox"/> Tagapagturo ng Kulturang Hapon (Bilang ng <i>volunteer</i> _____) <input type="checkbox"/> <i>International Speaker</i> (Bilang ng <i>volunteer</i> _____)
Nais na Petsa ng Pagtatalaga at Kinakailangang Oras	*Kung nais magpatalaga ng mahabang panahon, isulat lamang ang mga nais na oras. Petsa (araw: _____) mula _____:_____ hanggang _____:_____ Petsa (araw: _____) mula _____:_____ hanggang _____:_____ Petsa (araw: _____) mula _____:_____ hanggang _____:_____
Lugar Kung Saan Itatalaga ang Volunteer	*Pakilakip ng mapa sa <i>form</i> na ito! (Pangalan ng lugar) (Address) (Pinakamalapit na istasyon) (Telepono)
Nilalaman ng Gawain (Bago ang Pagtatalaga)	Kailangan ba ang kaalaman ng isang dalubhasa? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
	May posibilidad ba ng pagkahawa o kapahamakan? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
	May gawain bang nauukol sa negosyo? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
	(Paliwanag ng Gawain)
	(Iba pang nauukol na bagay na nais banggitin)